Kaya, marapat na tumugon tayo sa panawagan ng Namamahala na isulong natin ang ikapagtatagumpay ng lahat ng gawain sa Iglesia. Kapag ginawa natin ang ating bahagi sa lahat ng gawain ng Iglesia, tiyak na magiging *spiritually fit* at *spiritually strong* tayo anupa't makararating tayo sa kasakdalan na inaasahan sa atin ng Panginoong Diyos.

Ang inspirasyon ng mga Cristiano

Hindi natin dapat pag-alinlanganan na makakaya nating tugunan ang inaasahan ng Diyos sa atin. Bagama't sa sarili natin ay hindi talaga natin kaya, hindi naman tayo pababayaang ng Diyos. Ipinangako Niya na Siya ang magiging tagapagturo natin at Siya ang magbabantay sa atin:

"Sinabi Mo sa akin, Ituturo Ko ang daan na dapat mong lakaran. Ako ang magiging iyong tagapagturo at Siyang magbabantay sa iyo." (Awit 32:8, *Contemporary English Version*)* 🕊

*Ang mga talatang sinipi ay isinalin mula sa Ingles



Kapag ang mundo ay saklot ng kadiliman

ANG NATATANAW NG MARAMING TAO sa hinaharap ay ang madidilim na ulap ng pagkabahala at kawalang katiyakan habang papasok na sa huling tatlong buwan ang kasalukuyang taon.

Sa mga mapagmasid at mapanuri, hayag na hayag ang napakahirap na sitwasyon ng buhay ng maraming tao. Nababahala sila sa dumadalas na pagdating ng mga mapaminsalang kalamidad at epidemiya ng mga sakit, sa laganap na kahirapan at kawalan ng trabaho, sa malubhang polusyon, sa kakulangan sa pagkain at malinis na tubig, at marami pang iba.

Lalong lumulubha ang sitwasyon dahil sa mga usap-usapan tungkol sa pinangangambahang digmaang nukleyar, habang may mga nagaganap nang armadong tunggalian sa iba't ibang panig ng daigdig, habang ang mga terorista ay walang habas na kumikitil ng buhay ng tao, at habang ang malaganap na salot ng pag-abuso at adiksiyon sa ilegal na droga ay hindi pa rin masugpo.

Marahil ang pinakamalubhang krisis na pandaigdig ay ang namumuong gulo sa Korean Peninsula, na pinangangambahang mauwi nga sa isang digmaang nukleyar kung magkakamali sa gagawing hakbang ang alinman sa nagbabangayang panig. Ang paglaki ng banta ng terorismo ay isa ring dahilan ng pagkabahala ng marami. Sa taong ito lamang, humigit-kumulang sa 1,100 insidente ng karahasan ang inihatik ng mga teroristang grupo. Ang malaking bilang naman ng mga lulong sa bawal na gamot ay nagpapakita kung gaano kalubhang problema ang kalakalan ng ilegal na droga. Ayon sa United Nations Office on Drugs and Crime (UNODC), nasa 250 milyong katao na sa buong mundo ang gumagamit ng ilegal na droga—at 29.5 milyon sa mga ito ay malubha na ang adiksiyon.

Bagaman ang pag-igi ng ekonomiya ng mundo ay magandang balita, gayunman, para sa ibang ekonomista at *analyst*, ito ay isang bagay na nakapag-aalala pa rin. Para sa kanila, ang kasalukuyang takbo ng ekonomiya ng mundo ay nakakatulad ng nangyari bago ang pandaigdig na krisis pinansiyal isang dekada

na ang nakararaan. Ayon sa kanila, mayroon na namang namumuong *economic bubble* na maaaring sumambulat.

Tunay na madilim at mahirap ang kasalukuyang panahon. Ang lalo pang nakapagpapadilim nito para sa marami ay ang lumalaganap na krisis sa moral. Ang pagkakaroon ng *hate crimes*, *racism*, *hate speech*, diskriminasyon, pag-uusig na panrelihiyon, korupsiyon, at iba pang gawang imoral ay nakaaapekto sa maraming tao.

Sa mga araw ng kadiliman, may mga nawawalan ng pag-asa at nawawalan ng direksyon ang buhay. Sa gayong kalagayan, may mga taong madaling maibuyo ng masamang impluwensiya sa paligid nila sa paggawa ng kasamaan. Upang iyon ay hindi mangyari sa atin, kailangan natin ng ilaw na tatanglaw sa ating landas.

Itinuturo ng Biblia ang mga liwanag na gagabay sa atin. Ang Panginoong Diyos ay ilaw (I Juan 1:5). Ang Panginoong Jesucristo ay ilaw, “ang ilaw ng sanlibutan” (Juan 8:12). Ang salita ng Diyos ay liwanag sa ating landas (Awit 119:105). Maging ang mga sugo ng Diyos ay itinulad din sa ilaw (Gawa 13:47; II Cor. 5:18–20) sapagkat ang mensaheng dala-dala nila ay ang magbibigay ng “liwanag ng pagkakalila sa kaluwalhatian ng Dios” (II Cor. 4:6).

Upang ang ating landas ay matanglawan sa panahong ang mundo ay saklot ng kadiliman, kailangan nating gawing ilaw ng ating buhay ang Diyos sa paraang sundin ang Kaniyang mga kautusan na itinuro ni Cristo at ng Kaniyang mga sinugo (Juan 12:49–50; Juan 8:12; Lucas 6:46; Roma 10:15; Mar. 16:15–16). Kung ito’y gagawin natin, ang kadiliman ay magiging liwanag at magagawa nating malampasan ang mga problemang kinakaharap natin sa buhay (II Sam. 22:29–30).

Dapat ding magliwanag ang ilaw ng Diyos—ang Kaniyang mga salita—sa pamamagitan natin upang ang iba man ay makinabang din dito. Kung nananahan sa atin ang mga aral ng Diyos, hindi tayo matitiosod o madudupilas (Juan 11:9–10). Higit sa lahat, ang pagsunod sa utos, batas, at saway ng Diyos ang tatanglaw sa daang patungo sa pangakong buhay na walang hanggan (Kaw. 6:23; Juan 1:4).

Ano ang Iglesia Ni Cristo?

Sinulat ni GREG F. NONATO

Mamalagi tayong sumusunod sa mga aral ng Diyos upang makinabang tayo sa mga ito. Tinuturuan tayo ng mga apostol na maging mapagpasakop sa Diyos (Sant. 4:7) at sa ministrong binigyan ng Diyos ng karapatang mamahala sa *Iglesia Ni Cristo* at magpahayag ng Kaniyang mga salita (Heb. 13:17; Gawa 20:28, *Lamsa Translation*; Col. 1:25). Ito ang isa sa mahahalagang katungkulang isinasakatuparan ng Kapatid na Eduardo V. Manalo, ang Tagapamahalang Pangkalahatan ng *Iglesia Ni Cristo*: ang pagpapahayag ng mga salita ng Diyos. Kaya, walang kapagurang ipinangangaral ng Kapatid na Eduardo Manalo ang mga salita ng Diyos sa lahat ng tao. Sa kabila ng mapanganib at mapanglaw na sitwasyon ng mundo ngayon, sinisikap niyang marating ang iba't ibang panig ng mundo upang maipalaganap ang mensahe ng Diyos tungkol sa kaligtasan—ang tunay na tanglaw ng tao sa panahong ito ng kadiliman at kahirapan.

Payagan nating mapuno ang ating puso at isip ng liwanag na nagmumula sa mga salita ng Diyos na itinuturo sa atin ng mga binigyan Niya ng awtoridad na ipangaral ang mga ito. Sa gayon, wala tayong ipangangamba kahit lumubha pa ang sitwasyon ng mundo dahil laging sasaatin ang gabay ng Diyos sa paglalakbay natin patungo sa buhay na walang hanggan. ☺

—BIENVENIDO A. SANTIAGO JR.
Associate Editor

MARAMI ANG hindi lubos na nakabatid sa *Iglesia Ni Cristo*. Inaakala ng iba na ang *Iglesia Ni Cristo* ay katulad lamang ng iba't ibang samahan ng pananampalataya gaya ng Metodista, Baptista, Mormons, at marami pang iba. Kaya't minarapat naming talakayin sa artikulong ito kung ano ang *Iglesia Ni Cristo*.

Ito ang Iglesiang itinayo ni Cristo

Paano ipinakilala ng Panginoong Jesucristo ang *Iglesia Ni Cristo*?

“At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya.” (Mat. 16:18)

Ipinakilala ni Jesus na Siya ang nagtayo o nagtatag ng Iglesia. Siya rin ang nagmamay-ari nito—ito ang diwa ng sinabi ni Cristo na “aking iglesia.” Maling-mali ang nagsasabing ang *Iglesia Ni Cristo* ay itinatag ng Kapatid na Felix Y. Manalo. Isa ring kamalian na sabihing ang iba't ibang pangkatin ng pananampalataya ay itinatag ni Cristo at ang mga ito ay Kaniya.

Ang mga kay Cristo

Ipinakilala ni Apostol Pablo na ang mga kaanib sa Iglesia ay pawang kay Cristo:

“At hindi pa ako nakikilala sa mukha ng mga iglesia ng Judea na pawang kay Cristo.” (Gal. 1:22)

Bakit natin natitiyak na ang tinutukoy ni Apostol Pablo na “pawang kay Cristo” ay mga kaanib sa *Iglesia Ni Cristo*? Tunghayan natin ang pagkakasalin ng talatang ito sa *New Pilipino Version*:

“Hindi pa ako kilalang personal sa mga iglesya ni Cristo sa Judea.” (Gal. 1:22)

Nilinaw sa saling ito ng Biblia na ang Iglesia na nasa Judea na pawang kay Cristo ay hindi tumutukoy sa iba't ibang pangkatin ng pananampalataya kundi sa mga kaanib sa *Iglesia Ni Cristo*. Samakatuwid, ang parirala rito na “kay Cristo” ay tumutukoy sa mga kaanib sa *Iglesia Ni Cristo*.

Ang tunay na sumasampalataya kay Cristo

Maraming tagapangaral ang nagtuturo na sapat nang sumampalataya lamang kay Cristo para maging Kaniya. At bukambibig ng maraming naakit nila na sila ay sumasampalataya na raw kay Cristo. Subalit paano ba makikilala ang tunay na sumasampalataya sa Panginoong Jesucristo? Kapag ipinahayag ba ng isang tao na “Sumasampalataya ako kay Cristo” ay maibibilang na siya sa mga

tunay na sumasampalataya? Ganito ang tugon ni Cristo:

“Datapuwa’t hindi kayo nagsisampalataya, sapagka’t hindi kayo sa aking mga tupa. Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig, at sila’y aking nakikilala, at sila’y nagsisisunod sa akin.” (Juan 10:26-27)

Ayon kay Cristo, ang tunay na sumasampalataya ay kabilang sa Kaniyang mga tupa. At ang kinikilala ni Cristo na kabilang sa Kaniyang mga tupa ay ang mga nakinig at sumunod sa Kaniya. Ang hindi sumusunod kay Cristo ay hindi maibibilang sa Kaniyang mga tupa at ang hindi kabilang sa Kaniyang mga tupa ay hindi totoong sumasampalataya. Alin ang sinabi ni Jesus na dapat sundin ng tunay na sumasampalataya upang mapabilang siya sa Kaniyang mga tupa?

“Muli ngang sinabi sa kanila ni Jesus: ‘Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ako ang pintuan ng mga tupa. ... Ako ang pintuan; ang sinumang pumasok sa kawan sa pamamagitan ko ay magiging ligtas.’” (Juan 10:7, 9 *New English Bible*, isinalin mula sa Ingles)

Ang sabi ni Jesus, Siya “ang pintuan ng mga tupa” at upang mapabilang sa Kaniyang mga tupa ay dapat pumasok sa kawan sa pamamagitan Niya. Ang kawan na dapat pasukan ng tunay na sumasampalataya ay ang *Iglesia Ni Cristo* (Gawa 20:28). Kaya ang tunay na sumasampalataya ay ang nasa *Iglesia Ni Cristo*.

Lahing hirang

Ayon kay Apostol Pedro, ang *Iglesia Ni Cristo* ay lahing hirang, bansang banal, at bayang pag-aaring sarili ng Diyos:

“Datapuwa’t kayo’y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pagaaring sarili ng *Dios*, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang

sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan.” (I Ped. 2:9)

Bakit natin natitiyak na ang tinutukoy rito ni Apostol Pedro ay ang mga kaanib sa *Iglesia Ni Cristo*? Sa naunang talata (I Ped. 2:5), ang tinutukoy ay ang bahay na ukol sa espiritu, na walang iba kundi ang *Iglesia* (I Tim. 3:15). Hindi lamang si Apostol Pedro ang nagturo na ang *Iglesia* ay lahing hirang. Natutuhan niya ito sa Panginoong Jesucristo:

“Ako’y hindi ninyo hinirang, nguni’t kayo’y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo’y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga: upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay niya sa inyo.” (Juan 15:16)

Tiniyak ng Panginoong Jesucristo na ang tinutukoy Niya na Kaniyang hinirang at inihalal ay ang Kaniyang mga sanga (Juan 15:1, 5). Kung itinutulad sa tao, ang katumbas ng puno ay ulo at ang mga sanga ay ang mga sangkap ng katawan. Si Cristo ang ulo at ang *Iglesia* ang katawan (Col. 1:18). Malinaw kung gayon na ang *Iglesia Ni Cristo* ay ang lahing hirang at may kahalalan mula kay Cristo.

Ito ang tinubos ni Cristo

Ano pa ang pagpapakilala ng Biblia sa *Iglesia Ni Cristo*?

“Ingatan ninyo kung gayon ang inyong sarili at ang buong kawan na rito’y hinirang kayo ng Espiritu Santo na mga katiwala, upang pakanin ang iglesia ni Cristo na binili niya ng kaniyang dugo.” (Gawa 20:28, *Lamsa Translation*, isinalin mula sa Ingles)

Ang *Iglesia Ni Cristo* ang binili o tinubos ni Cristo ng Kaniyang sariling dugo. Ang aral na ito ng Biblia ay sinasalungat ng paniniwalang ang lahat ng tao ay natubos ni Cristo. Dahil sa pagtubos na ginawa ni Cristo sa mga kaanib ng *Iglesia Ni Cristo*, nalinis ang kanilang budhi at nagtamo sila ng karapatang maglingkod sa Diyos (Heb. 9:14).

Ito ang ililigtas ni Cristo

Paano pinatunayan ng Biblia na ang *Iglesia* ng ililigtas ni Cristo ay ang *Iglesia Ni Cristo*? Ganito ang pagpapatunay ng Biblia:

“Sapagkat ang lalaki ang ulo ng kanyang asawa, tulad ni Cristo na siyang ulo ng iglesia, na kanyang katawan, at siyang Tagapagligtas nito.” (Efe. 5:23, *Magandang Balita Biblia*)

Ipinakikilala ng Biblia na ang *Iglesia* ay katawan ni Cristo sapagkat Siya ang ulo at Tagapagligtas nito. Pansinin na ang ililigtas ni Cristo ay ang *Iglesia* na Kaniyang pinangunguluhan. Ang katotohanang ito ay sinasalungat ng paniniwala ng iba na maliligtas din ang mga tao kahit saang relihiyon sila kaanib. Ano ang katuwiran kung bakit ang *Iglesia Ni Cristo* ang ililigtas at bakit hindi maliligtas ang hindi *Iglesia Ni Cristo*?

“At ngayong napawalang-sala na tayo sa pamamagitan ng kanyang dugo, lalo nang tiyak na maliligtas tayo sa poot ng Diyos sa pamamagitan niya.” (Roma 5:9, *Ibid.*)

Ang tao para maligtas ay kailangang matubos ni Cristo ng Kaniyang dugo. Ang *Iglesia Ni Cristo* ang tinubos ni Cristo ng Kaniyang sariling dugo. Dahil sa bisa ng dugo ni Cristo na ipinantubos sa *Iglesia*, ang mga kaanib nito ay napawalang-sala kaya’t tiyak na sila ay maliligtas sa galit ng Diyos. Bakit hindi maliligtas ang hindi *Iglesia Ni Cristo*? Sapagkat ang gayon ay hindi natubos. Kapag ang tao ay hindi kabilang sa *Iglesia Ni Cristo* hindi rin siya kabilang sa mga tinubos ni Cristo.

Pinakahahangad namin na magkaroon ng ganap na pagkaunawa ang mga tao sa kung ano ang *Iglesia Ni Cristo*. Naunawaan nawa ng lahat na ang *Iglesia Ni Cristo* ay itinatag ni Cristo; ang mga kaanib nito ang mga kay Cristo; ito ang tunay na sumasampalataya kay Cristo; ito ang lahing hinirang; ito ang tinubos ni Cristo ng Kaniyang sariling dugo; at ito ang ililigtas ni Cristo sa Araw ng Paghuhukom. ☪

An inspiring success in the works of the Church



By GERSON S. NONATO

PROGRESSING BY LEAPS AND BOUNDS, the ecclesiastical district of Metro Manila South (MMS) is the biggest in geographical scope among the six ecclesiastical districts of the *Iglesia Ni Cristo* (Church Of Christ) in the National Capital Region (NCR) of the Philippines. Geographically, MMS covers the 4th district of the NCR which is composed of the six urbanized cities such as Makati, Pasay, Taguig, Muntinlupa, Parañaque, and Las Piñas. It is in these cities we can find the country's

premier international airport. A prominent city in this Southern area of Metro is Makati City. It is known as the financial capital of the Philippines, where most of the highly reputable companies and corporations (national and multi-national), major banks (local and international), and the tallest skyscrapers in the country are found. Also in Makati, as well as in Taguig, can be found the upscale restaurants and shopping malls, hotels, and entertainment hubs that make these two cities known.

But noticeably, standing distinctly amid these busy places for business and leisure are the houses of worship of the Church Of Christ such as those of the local congregations of Bel-Air, Evangelista, Guadalupe, Makati, Sacramento, among many others. United in purpose with the Church Administration in serving and glorifying God, the district has succeeded remarkably in the various works of the Church especially in the field of edification and propagation.



The making of the prodigious district

Originally, only one ecclesiastical district covered the entire Metro Manila—*Dibisyon ng Maynila*. In the mid-90s, to further meet the needs of the Church for its tremendous growth in Metro Manila, the Church Administration divided the ecclesiastical district into two: Metro Manila North and Metro Manila South. With Brother Israel U. Flores as its first District Supervising Minister, Metro Manila South had consisted of 21 Local Congregations until 2006—Bel-Air, Better Living, Evangelista, Guadalupe, Ibayo, Jackson, Las Piñas, Makati, Malibay, Muntinlupa, Pamplona, Parañaque, Pasay, Proprietarios, Sacramento, Severina 18, Signal Village (now Central Signal), St. Joseph, Talon, Tunasan, and United Parañaque 1.

That year, Brother Eraño G. Manalo approved the restructuring of the Metro Manila districts wherein 30 more local congregations were added to MMS. Among them were the two pioneer local congregations of

REMEMBER WHEN

July 27, 2007

On the 93rd anniversary of the Iglesia Ni Cristo, the National Historical Institute of the Philippines installed a historical marker at the birth site of Brother Felix Manalo in Tipas, Taguig City. Brother Eduardo V. Manalo, then the Deputy Executive Minister of the Church, graced the unveiling ceremonies.

May 10, 2008

Brother Eduardo Manalo, led the commemoration of the birth anniversary of Brother Felix Manalo. It was held in the birth site of Brother Felix in Tipas, Taguig City.

October 11, 2010

Inauguration of the district office situated within the compound of the local congregation of Evangelista. The ribbon-cutting ceremony was led by Brother Israel U. Flores, the district supervising minister.

April 26, 2013

The Executive Minister, Brother Eduardo V. Manalo led the inauguration of the new district office located in No. 4102 Gen. Mascardo St. corner Evangelista St., Brgy. Bangkal, Makati City.

May 1, 2015

Metro Manila South Family Fun Day was held in Phil. Army Gym & Recreation Ground, Taguig City. Led by the Christian Family Organizations, this activity gave time for family bonding and welcomed new members of the Church.

August 1, 2015

Special gathering of all Church officers in ecclesiastical district of Metro Manila South, held in Cuneta Astrodome, with more than 20,000 attendees.

February 7, 2016

Edification thru Voice and Music (EVM) outreach program was held in Taguig City University. The Christian songs rendered in this musical activity all the more inspired the brethren in serving God.

February 20, 2016

More than a hundred thousand brethren from the ecclesiastical district of Metro Manila South participated in the worldwide distribution of Pasugo magazines.

April 9, 2016

The youth members in the ecclesiastical district gathered in The Tent, Acacia State, Taguig City, for “KADIWA Involved, Let’s walk this way”, an activity meant to guide the youth members on how they should uphold their membership in the Church.

May 1, 2016

Band Together was held in MMS wherein the youth members of the Church showcased their talents in a special musical presentation. Brother Angelo Eraño V. Manalo, coordinator of the Christian Family Organizations, attended the said musical presentation.

June 24, 2016

An Evangelical Mission and Aid to Humanity or Lingap sa Mamamayan was held in Cuneta Astrodome. More than 30,000 of about 60,000 attendees were guests.

October 16, 2016

The sixth anniversary of the establishment of the ecclesiastical district of Metro Manila South was commemorated in Cuneta Astrodome. Various programs and competitions—Welcome Kapatid Ko, Himig ng Kaligtasan, district final of Musikang Atin 2016— were held.

December 17, 2016

Brother Eduardo V. Manalo led the year-end thanksgiving worship service of the local congregation of Napindan. This momentous occasion was also witnessed thru video link in the local congregations of Pateros and Tipas.

Tipas and Pateros. From then, the Church Of Christ has continued to flourish vigorously in Metro Manila, now comprised of six ecclesiastical districts—Central, Manila, Metro Manila North, Metro Manila South, Metro Manila East, and Quezon City.

Unflagging devotion to Church duties

Over the years, Metro Manila South went through numerous ordeals and tribulations. Not to mention the occurrences of the devastating calamities such as super typhoons *Ondoy* and *Yolanda* that left thousands of people homeless and lifeless. In such situations, instead of losing hope, members of the Church in the district all the more turned to God and drew strength from Him through serving and worshipping Him.

Driven by the assiduous desire to all the more devote their life to serving God, the brethren holding offices in their local congregations has continued to increase in number over the years since the district’s establishment. Moreover, the Church officers are continuously guided and taught on how they should fulfill their duty in accordance to the will of God. Spearheaded by the Church Administration, special gatherings of the Church officers are held regularly to ensure that they are highly motivated and spiritually inspired in performing their duties. One such event was that held in Cuneta Astrodome on August 1, 2015 which was attended by thousands of Church officers. On that occasion, the Bible-based homily delivered by Brother Mathusalem V. Pareja uplifted the Church officers.

“It is clear to me what has been taught to us from the Bible that all our efforts and sacrifices in fulfilling our duties will not be in vain. The lesson taught truly inspired us to carry on and never be hindered in fulfilling our duties to God,” said Sister Mayumi M. Samonte, a deaconess in the local congregation of Tipas.





EVANGELISTA



IBAYO



PASAY



MADRIGAL



MUNTINLUPA

United in God's work of salvation

United in purpose to bring glory to God, Church members in MMS, are nonstop in helping to propagate the words of God. Numerous evangelical missions were held in big venues that resulted to thousands—from different faiths—expressing their interest of joining the Church. One of these remarkable events was held in Makati Coliseum on July 19, 2016 with more than 20,000 attendees. It was awe-inspiring that more than half of the numbers of attendees were visitors and thousands have affirmed to undergo the process of joining the Church.

MMS also reaped a marvelous success in propagation using multimedia under the banner "International Evangelical Mission on Air and OnLine." Using different media platforms such as television and radio programs, mobile apps, and social media websites, the brethren were able to invite people to listen to the teachings of God that the Church Of Christ upholds.

The rigorous efforts of the brethren in MMS in the work of propagation were more noticeable when they held the baptism in the local congregation

Ecclesiastical District of
Metro Manila South




District Office


4102 General Mascardo
Corner Evangelista Street,
Barangay Bankal, Makati City

LOCAL CONGREGATIONS

- Admiral
- Alibang
- Almeriza
- Bagumbayan
- Bal-Air
- Better Living
- BF-Homes
- Parañaque
- BF International
- CAA
- Camp Sampaguita
- Central Signal
- Dang Hari-Malpay
- Evangelista
- Fourth Estate
- Golden Acres
- Guadalupe
- Hagonoy
- Ibayo
- Jackson
- Karunungan
- Las Piñas
- Lower Bicutan
- Madrigal
- Makati
- Malibay
- Multinational
- Muntinlupa
- Napindan
- NSP
- North Signal
- Pamplona
- Parañaque
- Pasay
- Perera
- Penbo
- Pinaagama
- Plaza Quizon
- Proprietaries
- Sacramento
- Saint Joseph
- Severina 15
- Sucel
- Sunrise-La Paz
- Taguig
- Talon
- Titas
- Tunasan
- UP 1
- Upper Bicutan
- Utusan
- Victoria



Brother Eraño T. Villar, District Supervising Minister



of Pasay on October 15 and 29, 2016 whereas more than 1,300 were baptized.

Pressing towards the goal

Led by the ministers, ministerial workers, and the Church officers, members of the Church in the district of Metro Manila South continue to press onwards to further victory by participating actively in all Church's works and remaining steadfast in their faith amidst the problems and sorrows they face in life.

Focusing toward their ultimate goal of receiving salvation on Judgment Day, they are fully united with the Church Administration in upholding their calling as members of the Church Of Christ until the end.

Brother Eraño T. Villar, the District Supervising Minister, said, "Having a firm trust in God's promises that He will never abandon us, whatever happens, although there is poverty, we will prioritize services to our Lord God and obedience to His will primarily the work of propagation." 🗣️

"Having a firm trust in God's promises that He will never abandon us, whatever happens, although there is poverty, we will prioritize services to our Lord God and obedience to His will primarily the work of propagation"

Brother Eraño T. Villar

Sharing the faith

Local congregations in the ecclesiastical district of **Australia West** proved their unity with the Church Administration in propagating the gospel by inviting friends and loved ones to attend the Worldwide Evangelical Mission spearheaded by the heads of each household; In **Quezon City** Ecclesiastical District, students of the Asian Institute of Journalism and Communication (AIJC) were toured in the Iglesia Ni Cristo Museum and Gallery.

Contributing writers and photographers:
Brendan Samson, Reynaldo Arizala Jr., and Kenneth Ouano



QUEZON CITY





Edifying the flock

In Southeastern Seaboard

Ecclesiastical District, Church officers from some local congregations in US mainland, Carribean islands, Central and South America were brought together via live web conference for a district-wide meeting where they were inspired by the words of God through their district minister, Brother Matthew Capistrano. Also on that occasion, hundreds of brethren across numerous countries took oath as Church officers;

In the Alberta Region, ecclesiastical district of **Western Canada**, members of the Church spent their time united in an activity with the Iglesia Ni Cristo Music Department dubbed INC Music Collaboration; In Phnom Penh, Cambodia, **Southeast Asia I** Ecclesiastical District, members of the Children's Worship Service (CWS) were taught by the CWS officers about gardening.

Contributing writers and photographers: Robert Tapales, Zandrea de Guzman, and Patrice Peñaranda



SOUTHEASTERN SEABOARD



WESTERN CANADA



PHNOM PENH, CAMBODIA



Caring for others

Brethren in the ecclesiastical district of **Eastern Samar** participated in a coastal clean-up drive led by their district minister, Brother Dante Mujar. The activity was conducted in the coastal areas of Borongan City, Dolores, and Hernani.

Contributing writer and photographer:
Lhor Noble



EASTERN SAMAR



VIZIANAGARAM, INDIA



RIZAL

Growth and Expansion

Another baptism was held recently in **Vizianagaram, India**, which yielded the most number of new members in the history of propagation work in India. Former pastors from different religions are among those who were baptized; In the Philippines, many were also baptized in the ecclesiastical districts of **Rizal**, **Mindoro Occidental**, and **Negros Occidental**.

Contributing writers and photographers:
Kay Ann Bentazal, September Luz, Claudine Iyong,
Mica Banogon, and Caj Menor



MINDORO OCCIDENTAL



NEGROS OCCIDENTAL



A life now dedicated to God

By CHRISTOPHER KING

ASSUMING THAT MOST PEOPLE on the bus I took to school each day in Southeast Seattle were Catholics like I was, talking about religion had never come to my mind. I was then very active in the Catholic Church at that time and since I wanted to be closer to God, I became an altar boy and had affiliations with the choir. I wanted to do all I can to make my relationship with God even stronger. Whatever I could do to please Him was my goal. I would get up early on Sundays, way before I had to go to mass, to watch televangelist ministers preach their versions of salvation—by having Christ as one’s personal savior and just doing well in your life. It was all simple and convenient but there was always this nagging disconnect in my faith. I could not figure it out.

One particular day in 1984, I again took the bus to school. Without me knowing, there were *Iglesia Ni Cristo* members on that same bus. Since most passengers were Filipinos I assumed they were all Catholics like me at that time. That day I spoke with a good friend on the bus. I asked, “Are you getting ready for Christmas?” She said, “Oh, I do not celebrate that.” “Are you not Catholic?” I asked, and she said, “No, I am a Christian.” I then told her, “I also accept Christ as my personal savior and so, I am a Christian.” She grinned and said,



“No, that is nowhere in the Bible.” After my confused look at her and our ensuing discussion, she invited me to a Bible study.

Sister Evelyn de Guzman lived in West Seattle where I attended school. She had a friend, Brother Rommel Hernandez, who was also on that bus that day and who lived just down the street from me. When he indeed picked me up, I was beyond impressed. When we arrived at the house of worship of the *Iglesia Ni Cristo* (Church Of Christ) in Seattle, I was greeted by all the members there and I really felt the sincerity of their kind greetings. Into the lesson, I was all okay with the Scriptures

but when the moment came that I heard that one must be in the fold or Church Of Christ in order to receive eternal life, I looked up with this face of ‘What?!’ I immediately had my defense and the question came on. Offended, curious, attentive—every adjective was with me then. I was much offended and did not come back for a couple of months.

Summer break came and, when I was not working, I was hanging out with my neighborhood friends—members of the *Iglesia Ni Cristo*. One day, we were all playing basketball and the game just stopped. I was wondering, “Why are you all stopping?” “There is a Bible study



***I knelt down and prayed
to ask God for help and mercy,
so I can worship Him.***

calling me back. Brother Rommel's family would take me to the 6:00 p.m. worship service at the *Iglesia Ni Cristo*. My friendships grew in the Church and I bonded with more and more families, especially in my neighborhood. All of them always made sure I would be able to make it to worship service and Bible studies.

I went through the Bible study with Brother Dominador C. Santos, a minister of the gospel who really cared for my understanding and well-being. In July of 1987, I was baptized in the true Church Of Christ at the house of worship in Seattle. There is no doubt in my heart that I have become part of the body of our Lord Jesus Christ and knew I am going to be saved come Judgment Day. I received a huge blessing in my life. I was also forewarned that there will be trials, and these trials are going to be heavier and different. Brother Dominador also kept reminding me from the Bible that trials and tests of faith come with being in the true Church. Not long after my baptism, I was persecuted by my mother for giving importance to the *Iglesia Ni Cristo*. It felt like there was a hole in my heart because I love the Church. One time, I found myself grounded for a week and could not go out even for worship service.

The next day, there was worship service and I knew I had to go. The time was nearing for me to go over to Brother Rommel's house so I could ride with them. I called them and let them know what was going on. His mom talked to me and said, "Pray

and beg God. He will not allow you to miss service. Trust in Him." I did just that; I knelt down and prayed to ask God for help and mercy, so I can worship Him. Something came over me as a humble bravery. And I left the house to attend the worship service. When I got home, I did not get into trouble with my mom. She even asked me if I had already eaten. Though this was not life-threatening, spiritually, this was huge. God wanted to see how much I love Him. God took care of me to be able to worship Him and I never forgot this experience. This situation really strengthened my faith. When I share this story with my friends today, it inspires them, too. Another thing I love about being in the true Church Of Christ, as officers, we have experiences and stories that we can just openly share with other fellow officers and members making us all proud of our strong faith.

My priority in life is to serve God. I am motivated by what Apostle Paul said in Philippians 1:21, "to live is Christ, and to die is gain." The world and the flashy material things cannot do anything for me, but God will provide me with all I need. With this, I can then dedicate my entire life to the service of our Almighty God and our Lord Jesus Christ. I could not fathom what my life would be outside the *Iglesia Ni Cristo*. Praises to the Almighty God and our Lord Jesus Christ for calling me into the true Church. I am a true and a very proud member of the *Iglesia Ni Cristo* (Church Of Christ). ☺

tonight and we have to get ready," one said. I was close to them all by now and didn't want the day to end like that. That perfect opportunity came and they all said, "Come with us." I said, "Okay."

I went and after that session, I began to speak with the minister. At that point, I could not stop asking questions. That was the turning point that bonded me closer with the members of the Church and moving forward with the Bible studies. My family, although devoted Catholics, were all right with the idea of me checking out other religions. But when it came to the *Iglesia Ni Cristo*, they seemed to have a problem. They didn't even know much about it, but would call it a cult because there has been no cross ever since on its edifices. But my friends who were in the *Iglesia Ni Cristo* kept

PUBLISHER

Iglesia Ni Cristo

EDITOR-IN-CHIEF

Dennis C. Lovendino

ASSOCIATE EDITOR

Bienvenido A. Santiago Jr.

SENIOR EDITORS

Greg F. Nonato • Rene J. Panoncillo
Celerino G. Baclaan

EDITORIAL ASSOCIATES

Roland A. Aguirre • Ervin M. Almedina
Marlex C. Cantor • Lloyd I. Castro
Siegfred T. Gollayan

WRITERS

Reynaldo G. Arizala Jr. • Arnel M. Armenia
Arvin T. Galang • Pedrito B. Placio
Mandy A. Nepomuceno • Marie F. Ruiz
Alejandro R. Sino Cruz Jr.

GRAPHIC ARTISTS

Samuel T. Solano
Regina B. Burguillos • Sylvia N. Dreo

PRODUCTION MANAGER

Glady C. Gaddi

PHOTOGRAPHERS

Samuel P. de Leon • John P. Borg

PASUGO: GOD'S MESSAGE is published monthly by the Iglesia Ni Cristo with editorial office at No. 1 Central Avenue, New Era, Quezon City 1107 Philippines • Telephone: (632) 981-4311/981-1111/719-7800 Fax: (632) 981-4333. Entered as second class mail matter at the Central Post Office in Manila on February 13, 1979. Published under PCPM Certificate of Registration No. Sp. 237. All manuscripts and photographs submitted for editorial consideration must be accompanied by a self-addressed envelope and return postage. PASUGO: GOD'S MESSAGE assumes no responsibility to the return of unsolicited materials. Copyright © 1986 by Iglesia Ni Cristo.

HOW TO REACH US

E-mail us at pasugo@iglesianicristo.org.ph or pasugo@inc.org.ph. Or, send your letters with complete name and address to our editorial office in the Philippines or any of the following offices:

AFRICA

King William's Town Congregation
88 Alexandra Road, King William's Town
5601 South Africa • Tel./Fax No.: (27) 432-5168

AUSTRALIA

#3 Ross St., North Parramatta, NSW 2151
Australia. Fax: (612) 9630-5058

EUROPE

79 Staines Road West
Sunbury-on-Thames TW16 7AH, United Kingdom
Fax: (0044-193) 273-5467

NORTH AMERICA

770 Airport Boulevard, Burlingame
CA 94010 USA. Fax: (650) 548-1128

NORTHEAST ASIA

2 Chome 14-2, Kita-Magome Otaku
Tokyo 143-0021 Japan. Telefax: (81-03) 6303-7874

Siyang tunay na kawal ng Diyos

Espirituwal na tabak, tangan niyang tunay na kawal—Tungkuli'y di inangkin pagkat Diyos ang naghalal. Itinalaga siyang bantay nang huwag tayong masakmal Ng kalabang nakakatulad ay leong gutom, umuungal.

Bitbit ang kalasag ng Katuwiran, sa labana'y di umaatras—Sinasalag niya, kasinungalingang matalim at marahas. Di siya pumapayag, malinlang tayo ng may dilang-ahas, Kaya siya'y nagtuturo nang tayong lahat ay maligtas.

Magiting sa labanan sapagkat Katotohanan ang baluti—Isinasabuhay niya, mga aral ng Diyos—pawang mabuti, Pinanghahawakan ang nasusulat: sa matuwid, may ganti, Kaya di iindahin magkalatay man nang pagkahapdi-hapdi.

Banta man ay nakaamba, patuloy siyang naglalakbay, Kahit na magkakalayo tayo, hinahatdan niya ng alalay. Ang hinahangad niya, tayo ay mamalaging matitibay, Katulad niya, di mangangatal pag-umangil ang kaaway.

Sa paggunita ko sa pagsilang niyang bantay ng kawan, Nagbalik sa isipan ko, naitanong sa akin nang minsan: "Bakit nga ba para sa atin, nakahanda siyang masaktan At sa gawa'y pinatutunayan, ang buhay sa atin ay laan?"

Mahal niya ang Panginoong Diyos at Panginoong Jesus; Mahal niya ang Iglesia Ni Cristo—tayong mga tinubos.

Arnel M. Armenia
Quezon City, Philippines



INCMEDIA APP

INSPIRATION

ON THE GO



incmedia app

Available now on



Coming soon to **iOS** #incmediaGO